**Pamagat**: Ang Propeta sa Loob ng Pagkabigo

**Texto**: Jonah 4:5a "So Jonah went out of the city,…"
Pagsasalin: Nang magkagayo'y lumabas si Jonas sa lungsod,…

**Panimula**:
1. Nabigo si Jonah. Ang mensahe na binigay niya sa Nineveh ay "destruction" pero noong sila ay nagsisi, sila ay sinaklolo ng Dios. At si Jonah ay naggalit at nagtampo.
2. Ang Dios naman sa grasya ay nangangatuwiran sa Kanyang rebeldeng propeta.
3. At alam natin na natutunan ni Jonah ang kanyang aralin sapagaka't isinali ito ni Jonah sa kanyang aklat.

**I. Ang Halamang Kikayon**: The Gourd – Ang Pag-aalala ng Panginoon.
- A. Kahit na nagtampo si Jonah iningatan parin siya ng Dios.
- B. Katulad ng paghanda ng Dios ng isda para hindi malunod si Jonah, ay naghanda ang Dios ng isang halaman para maitakpan si Jonah sa init ng araw.
- C. Ang nakakalungkot dito ay ang halaman ang naging ligaya ni Jonah, hindi ang Dios na nagbigay sa kanya ng tulong. (Ps. 43:4)

**II. Ang Isang Uod**: The Worm – Ang Pagtanggal ng Panginoon sa Ginhawa ni Jonah.
- A. Alam ng Dios ang tamang probisyon ng pagsubok at kaginhawaan.
- B. Isang maliit na uod ay ginamit ng Dios para turan si Jonah ng patungkol sa buhay.
- C. Mas matino ang uod kaysa sa propeta.

**III. Ang Mainit na Hanging Silanganan**: The Wind – Ang Pagsubok ng Panginoon.
- A. Mas nadagdagan ang init sa pamamagitan ng hangin.
- B. Dito napikon si Jonah: (v.8) – ito ang problema ng tao na ang akala niya ang buhay niya ay parang damuhan lamang.
- C. Dapat matutunan natin na maging mas mahusay sa pagpupuri kaysa sa pagrereklamo.

**IV. Ang Pagsaway ng Panginoon**:
- A. (v.9) - At sinabi ng Dios kay Jonas, Mabuti baga ang ginagawa mo na magalit dahil sa kikayon? – Nararapat na matuto tayo na magtiyaga sa mga pamamaraan ng Dios.
- B. Dapat matutunan nating na purihin ang Panginoon sa kasaganahan at sa panahon ng kagipitan.
- C. (v.10, 11). – naghinayang siya sa kikayon na hindi naman niya pinagpagalan o pinatubo man. Paano naman ang 120,000 na mga tao sa Nineveh? Hindi lang ang mga tao ng Nineveh ang nasa isip ng Dios – "hindi marunong magmunimuni ng kanilang kamay at ng kanilang kaliwang kamay;" – ito ay ang mga sanggol. Malaki ang pagmamalasakit ng Dios sa mga maliliit na bata.

**Katapusan**:
1. Bagama't tayo bilang mga anak ng Dios ay maraming pagkukulang at pagkakamali, hindi tumitigil ang Dios sa pakikitungo sa atin para sa ating ikabubuti.
2. Ang Dios ay palaging handang magpatawad (sa mga nagsisi tulad ng Nineveh) at handang pumalo (tulad ng kay Jonah). Romans 10:12 - Sapagka't walang pagkakaiba ang Judio at ang Griego: sapagka't ang Panginoon din ay siyang Panginoon ng lahat, at mayaman siya sa lahat ng sa kaniya'y nagsisitawag:
3. Israel man o Nineveh – wala itong kahulugan sa mata ng Dios.